

الزواج في الإسلام - فلبيني

Ang Pag-aasawa sa Islam



جمعية الدعوة بالزلفج

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفج

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦. فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

11

Ang Pag-aasawa sa Islam

الزواج في الإسلام – اللغة الفلبينية



جمعية الدعوة والإرشاد ونوعية الجاليات في الزلفي

Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

الزواج في الإسلام
أعدّه وترجمه إلى اللغة الفلبينية
جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي
الطبعة الثالثة: ١٤٤٢/٦ هـ.

ح) شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤١٥ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

أحكام النكاح في الإسلام

٤٢ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٩-٠٢-٨١٣-٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١. الزواج (فقه إسلامي) ٢. الخطبة

١٥/٢٧٥٧

ديوي ٢٥٣,١١

رقم الإيداع: ١٥/٢٧٥٧

ردمك: ٩-٠٢-٨١٣-٩٩٦٠

مصادر الكتاب

- ١- الزواج/ فضيلة الشيخ محمد بن صالح العثيمين
- ٢- تنبيهات على أحكام تختص بالمؤمنات/ فضيلة الشيخ صالح الفوزان
- ٣- منهاج المسلم/ فضيلة الشيخ أبو بكر الجزائري
- ٤- كتاب المرأة المسلمة/ فضيلة الشيخ أبو بكر الجزائري
- ٥- أحكام نكاح الكفار/ حميضي بن عبد العزيز الحميضي
- ٦- الزواج في الشريعة الإسلامية/ الشيخ عبد العزيز بن محمد بن داود
- ٧- الجدار الصلب والمعاول الهشة/ الشيخ عبد العزيز بن عبد الله المقبل

محتويات الكتاب

١	شروط الزواج
٢	أحكام وآثار النكاح
٣	سنن وأداب الزواج
٤	صفة الزوجة
٥	المحرمات من النساء
٦	الطلاق
٧	الخلع
٨	الخيار في الزواج
٩	أحكام نكاح الكفار
١٠	لماذا الطلاق
١١	مضار الزواج من الكتابية
١٢	تعدد الزوجات

Mga Nilalaman

1.	Ang mga Kondisyon sa Kasal	5
2.	Ilang Resulta ng Pag-aasawa	8
3.	Mga Sunnah at mga KaasalansaPag-aasawa	9
4.	Ang mga Katangian ng Maybahay	10
5.	Ang mga Mahram.....	11
6.	Ang Diborsiyo (Taláq)	15
7.	Ang Khula‘	18
8.	Ang Khiyár	19
9.	Ang Pag-aasawa ng Hindi Muslim.....	21
10.	Mga Disbentaha ng Pag-aasawa ng Hindi Muslim.....	23
11.	Bakit Kailangan ang Diborsiyo?.....	25
12.	Ang Polygyny	30

الزواج في الإسلام

Ang Pag-aasawa sa Islam

Ang mga Kondisyon sa Kasal

1. Ang Pagsang-ayon ng Lalaki at Babae

Hindi tanggap na pilitin ang lalaki na magpakasal sa hindi niya naiibigan at hindi rin tanggap na pilitin ang babae na magpakasal sa hindi niya naiibigan. Ipinagbawal ng Islam na ipakasal ang isang babae nang walang pagsang-ayon niya. Kaya kapag tumanggi siyang magpakasal sa isang lalaki, hindi ipinahihintulot sa sinuman, kahit pa sa ama niya, na pilitin siya.

2. Ang Pagkakaroon ng *Walí*¹

Hindi matatanggap ang kasal na walang walí ang babae dahil ang sabi ng Propeta (SAS): “***Walang kasal kung walang walí.***” Kaya kung sakaling ipinakasal ng isang babae ang sarili niya, ang kasal niya ay walang saysay—isagawa man niya mismo ang pagpapaksal sa sarili niya o magtalaga man siya ng kinatawan. Hindi maaaring maging walí ng isang Muslimah ang Káfir. Ang pamahalaang Muslim² ang tatayong walí sa babae na walang walí.

¹ Ang *walí* ay ang kumakatawan sa babae na maaaring kanyang ama o malapit na kamag-anak o tumatayong magulang.

² Sa mga lugar na walang pamahalaang Muslim, ang isang Islamic Center o pinuno ng Masjid ay maaaring tumayong walí.

Ang walí ay kailangang may sapat na gulang (15 taon pataas), may matinong pag-iisp at may hustong isip na kabilang sa mga *‘asábah* ng babae ayon sa sumusunod na pagkakasunod-sunod:

- A. Ang ama niya,
- B. Ang pinagbilinan nito,
- C. Ang lolo sa ama, kahit na ang lolo sa tuhod: ang pinakamalapit sa mga ito ang pipiliin,
- D. Ang anak niya,
- E. Ang mga anak nito, pati na ang mga inapo nito,
- F. Ang kapatid niya sa ama’t ina,
- G. Ang kapatid niya sa ama,
- H. Ang mga anak ng kapatid na lalaki sa ama’t ina,
- I. Ang mga anak ng kapatid na lalaki sa ama: ang pinakamalapit sa mga ito ang pipiliin,
- J. Ang tiyuhin na kapatid sa ama’t ina ng ama,
- K. Ang tiyuhin na kapatid sa ama ng ama,
- L. Ang mga anak nila: ang pinakamalapit sa mga ito ang pipiliin,
- M. Ang tiyuhin sa ama ng ama,
- N. Ang mga anak nito,
- O. Ang tiyuhin sa ama ng lolo sa ama,
- P. Ang mga anak nito.

Kailangang humingi ng pahintulot ang walí sa babae bago niya ito ipakasal. Ang dahilan kaya kailangang may walí ang babae ay upang hadlangang gawing dahilan ang kasal

upang gumawa ng pangangalunya³ dahil hindi imposible sa isang lalaking nagbabalak mangalunya na sabihin sa babae na: “Ipakasal mo ang sarili mo sa akin.” Ang kasal-kasalan na ito ay maaari pang saksihan ng dalawa sa kanyang mga kaibigan o ng iba pa.

3. Ang Dalawang Lalaking Saksi

Ang pagkakasal ay kailangang daluhan ng dalawang saksi na makatarungang lalaking Muslim o higit pa. Kailangan ding ang mga ito ay mga mapagkakatiwalaan at umiiwas sa mga malaking kasalanang gaya ng pangangalunya, pag-inom ng alak at mga tulad nito.

4. Ang Tungkuling Magbigay ng Mahr⁴

Ang itinatagublin sa Mahr ay dapat kaunting halaga ito at kapag lalong kaunti at magaan sa bulsa ay lalong mainam. Ang Mahr ay tinatawag ding *sidáq*. Sunnah na banggitin ang halaga o uri nito sa sandali ng pagkakasal at madaliin ang pagbibigay nito kasabay ng pagkakasal. Tanggap din na ipagpaliban ang pagbigay ng Mahr o ng bahagi nito sa napagkasunduang panahon. Kung sakaling diniborsiyo ng lalaki ang kanyang maybahay bago niya nakatalik ito, kukunin nito ang kalahati ng Mahr.

³ Ang pangangalunya sa Islam ay ang pagtatalik ng lalaki at babaeng hindi kasal sa isa't isa. Ang kasal na walang walí ang babae ay huwad at hindi tunay na kasal kaya ang pagtatalik nila ay itinuturing na pangangalunya.

⁴ Ang Mahr ay ang tinatawag sa Pilipino na dote o bigay-kaya. Ito ay ibinibigay ng lalaki sa babaeng kanyang mapangangasawa at hindi para sa magulang o mga kamag-anak ng babae.

Kung sakali namang namatay ang lalaki bago niya nakatalik ang babae matapos na naisagawa ang kasal, may karapatan na ang babae na magmana sa lalaking ito at makakamit niya nang buo ang Mahr.

Ilang Resulta ng Pag-aasawa

1. Ang Pagsusustento

Tungkulin ng asawa na sustentuhan sa pagkain, pananamit at tirahan ang kanyang maybahay, ayon sa kakayahan niya. Kaya kung nagmaramot ang lalaki sa pagsusustento sa maybahay niya, siya ay nagkakasala at may karapatan ang maybahay niya na kumuha mula sa ari-arian niya o salapi ng sapat na halagang pantustos sa pangangailangan nito, o na mangutang sa pangalan niya at obligado siyang magbayad. Tungkulin din ng lalaki na gumastos para sa walí mah o handaan sa araw ng kasal para sa mga taong inanyayahan niya. Ito ay sunnah na ipinag-uutos dahil ginawa at ipinag-utos ito ng Propeta (SAS).

2. Ang Pagmamana

Kapag nakasal ang lalaki sa babae ng kasal na legal sa Islam, magkakaroon ng karapatan ang isa't isa sa kanila na magmanahan dahil ang sabi ni Allah (4:12): **“Ukol sa inyo ang kalahati ng naiwan ng mga maybahay ninyo kung wala silang anak; subalit kung mayroon silang anak, ukol sa inyo ang ikaapat mula sa naiwan nila matapos *ikaltas ang ukol sa habiling ihinahabilin***

nila o sa pagkakautang. Ukol naman sa kanila ang ikaaapat mula sa naiwan ninyo kung wala kayong anak; subalit kung mayroon kayong anak, ukol sa kanila ang ikawalo mula sa naiwan ninyo matapos *ikaltas ang ukol sa habiling ihinahabilin ninyo o sa pagkakautang.*” Walang pagkakaiba kung nagtalik at nagsama sila o hindi.

Mga Sunnah at mga Kaasalan sa Pag-aasawa

1. Sunnah na ipagbigay-alam ang kasal sa pamamagitan ng pagdaos ng handaan at sunnah din na ipanalangin ang mga bagong kasal at sabihin sa lalaki o sa babae: **Bárakalláhu lak, wa báraka ‘alayk, wa jama‘a baynakumá fi khayr.**⁵
2. Sunnah, kapag nais nilang magtalik, na magsabi ng ganito: **Bismilláh, alláhumma jannibnash shaytán, wa jannibish shaytána má razaqtaná.**⁶
3. Kinasusuklaman para sa mag-asawa na ipagsabi ang anumang nangyari sa pagitan nila na mga hinggil sa pagtatalik nila.
4. Ipinagbabawal sa lalaki na makipagtalik sa maybahay habang ito ay may regla o may nifás at hanggat hindi pa

⁵ Pagpalain ka ni Allah, panatiliin Niya ang pagpapala sa iyo at pagsamahin Niya kayo sa ginhawa.

⁶ Sa ngalan ni Allah, o Allah ilayo Mo po sa amin si Satanas at ilayo Mo po siya sa anak na ipagkakaloob Mo sa amin.

ito nakakapaligo matapos na huminto ang regla o nifás.

5. Ipinagbabawal sa lalaki na makipagtalik sa maybahay sa *anus* nito sapagkat ito ay isa sa mga malalaking kasalanang ipinagbawal ng Islam.
6. Tungkulin ng lalaki na lubos na ibigay sa maybahay ang karapatan nito sa pakikipagtalik. Tungkulin niya ring hindi gawin ang *withdrawal method* dahil sa pangangamba na baka magbuntis ito maliban kung may kaphahintulutan nito at kung kinakailangan.

Ang mga Katangian ng Maybahay

Ang pag-aasawa ay naglalayon na magdulot ng kasiyahan at bumuo ng mabuting pamilya at malusog na lipunan. Alinsunod dito, ang babaeng dapat maging asawa ay ang makatutugon sa dalawang layuning ito. Siya ay ang nagtataglay ng panlabas at panloob na ganda. Ang kagandahang panlabas ay ang kalubusan ng anyo. Ang kagandahang panloob naman ay ang kalubusan ng pananampalataya at kaasalan. Kung magagawang makapag-asawa ng babaeng nagtataglay ng kagandahang panlabas at kagandahang panloob ay ito ang kalubusan at ang kaligayahan ayon sa patnubay ni Allah. Tungkulin din ng babae na magsikap na pumili ng mabuting lalaki at may pangingilag na magkasala Allah.

Ang mga Mahram

Sila ay dalawang pangkat: babaeng ipinagbabawal mapangasawa *kailanman* at babaeng ipinagbabawal mapangasawa *sa pansamantala*.

I. Tatlong Uri ng mga Mahram Kailanman

1. Ang Mahram na Kamag-anak sa Dugo

Pito sila at binanggit ni Allah sa Qur'an (4:23):
“Ipinagbawal sa inyo *na mapangasawa* ang mga ina ninyo, ang mga babaeng anak ninyo, ang mga babaeng kapatid ninyo, ang mga tiyahin ninyo sa ama, ang mga tiyahin ninyo sa ina, ang mga anak na babae ng lalaking kapatid ninyo, ang mga anak na babae ng babaeng kapatid ninyo,”

- A. Kabilang sa **mga ina** ang ina at ang mga lola sa ama at ina.
- B. Kabilang sa **mga anak na babae** ang mga anak na babae, ang mga anak na babae ng mga anak na lalaki, ang mga anak na babae ng mga anak na babae, at ang mga babaeng inapo nila.
- C. Kabilang sa **mga kapatid na babae** ang mga kapatid na babae sa ama't ina, ang mga kapatid na babae sa ama at ang mga kapatid na babae sa ina.
- D. Kabilang sa **mga tiyahin sa ama** ang mga tiyahin-sa-ama, ang mga tiyahin-sa-ama ng ama, ang mga tiyahin-sa-ama ng mga lolo, ang mga tiyahin-sa-ama ng ina, at ang mga tiyahin-sa-ama ng mga lola.

- E. Kabilang sa **mga tiyahin sa ina** ang mga tiyahin-sa-ina, ang mga tiyahin-sa-ina ng ama, ang mga tiyahin-sa-ina ng mga lolo, ang mga tiyahin-sa-ina ng ina, at ang mga tiyahin-sa-ina ng mga lola.
- F. Kabilang sa **mga anak na babae ng kapatid na lalaki** ang mga anak na babae ng kapatid na lalaki sa ama't ina, ang mga anak na babae ng kapatid na lalaki sa ama, ang mga anak na babae ng kapatid na lalaki sa ina, at ang mga babaeng inapo ng mga anak nila na lalaki at babae.
- G. Kabilang sa **mga anak na babae ng kapatid na babae** ang mga anak na babae ng kapatid na babae sa ama't ina, ang mga anak na babae ng kapatid na babae sa ama, ang mga anak na babae ng kapatid na babae sa ina, at ang mga babaeng inapo ng mga anak nila na lalaki at babae.

2. Ang Mahram Dahil sa Pagpapasuso

Sila ay tulad ng mga babaeng bawal mapangasawa kailanman dahil sa kaugnayan sa dugo. Nagsabi ang Propeta (SAS): *“Ang ipinagbabawal mapangasawa dahil sa kaugnayang batay sa pagpapasuso ay gaya ng ipinagbabawal mapangasawa dahil sa kaugnayang batay sa dugo.”* Subalit mayroong mga kundisyon bago magkaroon ng kaugnayang batay sa pagpapasuso. Ang mga ito ay ang sumusunod:

- A. Na nagkaroon ng limang ulit na pagpapasuso o higit pa.
Kaya kung sakaling sumuso ang bata sa isang babae

nang apat na beses lamang o mababa pa, ito ay hindi niya magiging ina sa gatas.

- B.** Na ang pagpapasuso ay bago nagdalawang taon ang sanggol. Ang ibig sabihin nito ay kailangang ang lahat ng limang pagpapasuso ay bago nagdalawang taon ang bata. Kaya kung ang limang pagpapasuso ay matapos nagdalawang taon ang bata, o kung ang ilan sa limang pagpapasuso ay bago nagdalawang taon at ang iba ay matapos nagdalawang taon, ang sinusuhan ay hindi nito magiging ina sa gatas.

Kapag natupad ang mga kundisyon ng pagpapasuso, ang bata ay magiging anak na ng babaeng sinusuhan at ang mga anak nito ay magiging mga kapatid niya, nauna man sila sa kanya o nahuli sila sa kanya. Ang may-ari ng gatas⁷ ay magiging ama niya at ang mga anak nito ay magiging mga kapatid din niya, anak man sila ng babaeng nagpapasuso sa kanya o anak sa ibang babae. Kailangang mabatid natin na ang mga kamag-anak sa dugo ng batang pinasuso, maliban pa sa magiging mga anak at inapo niya, ay walang kaugnayan sa mga naging kamag-anak niya sa gatas at walang anumang epekto sa kanila ang pagpapasuso sa kanya.

⁷ Ang asawa ng isang babae na naging dahilan ng pagbubuntis nito at ng pagkakaroon ng gatas ay tinatawag na may-ari ng gatas dahil nagkagatas ang babaeng ito dahil sa kanya.

3. Ang Mahram Dahil Napangasawa ng Kaanak

- A. Ang mga maybahay ng ama at mga lolo.** Kapag nakasal ang lalaki sa isang babae, ang babaeng ito ay bawal nang mapangasawa ng mga anak niya, ng mga anak ng mga anak niya na lalaki at babae, at ng mga inapo nila, nakatalik man niya ang ito o hindi.
- B. Ang mga maybahay ng mga anak.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, ang babaeng ito ay bawal nang mapangasawa ng ama niya, ng mga lolo niya sa ama o sa ina, at ng mga ninuno niya —dahil lamang sa pagpapakasal dito at kahit pa man hindi niya nakatalik ito.
- C. Ang ina at ang mga lola ng maybahay.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae, ang ina at ang mga lola sa ama at ina nito ay bawal nang mapangasawa niya—dahil lamang sa pagpapakasal dito at kahit pa man hindi niya nakatalik ito.
- D. Ang mga anak ng maybahay, ang mga anak ng mga anak na lalaki at babae nito at ang mga inapo nila.** Kapag nakasal ang isang lalaki sa isang babae at nakatalik niya ito, ang mga anak na babae nito at ang mga anak na babae ng mga anak na lalaki at babae nito at mga babaeng inapo nila ay naging bawal nang mapangasawa niya, walang ipinagkaiba kung sila man ay mula sa unang asawa ng maybahay niya o sa naging asawa nito nang nagkahiwalay sila. Subalit kung naganap ang paghihiwalay bago

nagkaroon ng pagtatalik, hindi ipinagbabawal na mapangasawa niya sila.

II. Ang Mahram sa Pansamantala

1. Ang kapatid na babae ng maybahay, ang tiyahin nito sa ama, at ang tiyahin nito sa ina hanggang hindi sila ipinaghiwalay ng kamatayan o diborsiyo at natapos na ang ‘iddah nito.
2. Ang babaeng nasa sandali ng ‘iddah⁸ dahil sa dating asawa nito. Kapag ang isang babae ay nasa sandali ng ‘iddah dahil sa dating asawa nito, hindi ipahihintulot sa isang lalaki na magpakasal dito hanggang hindi natatapos ang ‘iddah nito at hindi rin ipahihintulot sa kanya na alukin ito ng kasal sa sandali ng ‘iddah hanggang hindi natatapos ang ‘iddah nito.
3. Ang babaeng nasa sandali ng *ihrám* ng *hajj* o ‘umrah. Hindi ipinahihintulot na magpakasal dito hanggang hindi nagtatapos ang *ihrám* nito.

Ang Diborsiyo (Taláq)

Kung tutuusin ang diborsiyo ay isang kasuklam-suklam na bagay. Subalit yamang ang diborsiyo ay hindi maiiwasan kung magkaminsan dahil sa naidudulot na kapinsalaan sa babae ng pananatili nito sa piling ng lalaki o

⁸ Ang ‘iddah ay ang panahon na hindi pa muna maaaring mag-asawa ang isang babaeng diniborsiyo o namatayan ng asawa. Ang ‘iddah ng babaeng namatayan ng asawa ay apat na buwan at sampung araw, o hanggang sa makapanganak kung namatayan ng asawa habang nagdadalang-tao.

dahil sa naidudulot na pinsala sa lalaki dahil sa babae o dahil sa iba pang mga dahilan, bahagi ng awa ni Allah na ipinahintulot Niya ang diborsiyo sa mga lingkod Niya. Kaya kapag kinasusuklaman ng isang lalaki ang maybahay niya at hindi na niya matiis na makapiling ito, walang masama kung diborsiyuhin niya ngunit kailangang isaalang-alang niya ang sumusunod:

1. Na hindi didiborsiyuhin ng lalaki ang maybahay niya habang ito ay nirereгла. Kaya kapag diniborsiyo niya ito habang ito ay nirereгла, sinuway na niya si Allah at ang Sugo (SAS) at nakagawa siya ng isang ipinagbabawal. Kaya sa sandaling iyon, kailangang balikan niya ang maybahay niya at panatilihin ito sa piling niya hanggang sa matapos ang regla nito at saka niya diborsiyuhin ito kung nais niya. Ngunit lalong mainam na hayaan niya muna itong magregla sa ikalawang pagkakataon at kapag natapos na ang regla nito ay kung nais niya ay panatilihin niya ito sa piling niya o kung nais niya ay diborsiyuhin niya rin ito.
2. Na hindi didiborsiyuhin ng lalaki ang maybahay niya sa panahong wala nga itong regla ngunit nakipagtalik naman siya rito sa panahon ding iyon, maliban kung naging malinaw na sa kanya ang pagdadalang-tao nito. Kaya kapag nagbalak ang lalaki na diborsiyuhin ang maybahay niya ngunit nakatalik niya ito matapos ang huling regla nito, hindi niya didiborsiyuhin ito hanggat hindi ito muling nireгла at saka natapos ang pagrereгла nito, kahit pa man tumagal ang regla. Pagkatapos niyon,

kung nais niya ay diborsiyuhin niya ito bago niya ito nakatalik, maliban kung naging malinaw na sa kanya ang pagdadalang-tao nito o ito ay nagdadalang-tao na dahil walang masama na diborsiyuhin niya ito.

Ang Ilang Resulta ng Diborsiyo

Yayamang ang diborsiyo ay pakikipaghiwalay sa maybahay, maraming mga alituntunin ang ibubunga ng paghihiwalay na ito, na ang ilan ay ang mga sumusunod:

1. Tungkuling magsagawa ng maybahay ng ‘iddah kapag nakatalik siya ng asawa niya o kinasama siya nito kahit walang pagtatalik. Ngunit kung diniborsiyo niya ito bago nakatalik ito o kinasama nang walang pagtatalik, hindi na kailangang magsagawa ito ng ‘iddah. Ang ‘iddah ng babaeng diniborsiyo ay tatlong pagreregla kung nireregla pa ang babae, tatlong buwan kung hindi na nireregla o hindi pa nireregla at hanggang sa pagsilang ng sanggol kung nagdadalang-tao. Ang dahilan kaya may ‘iddah ay upang mabigyan ang asawa ng pagkakataon na makipagbalikan sa maybahay niya na diniborsiyo at upang matiyak din kung nagdadalang-tao ang babae o hindi.
2. Ipinagbabawal na muling mapangasawa ang dating maybahay ng dati niyang asawa kung bago pa man naganap ang huling diborsiyo ay dalawang ulit na siyang diniborsiyo nito. Ibig sabihin: kung sakaling diniborsiyo ng lalaki ang babae sa unang pagkakataon at pagkatapos ay binalikan siya nito sa panahon ng ‘iddah

o muli siyang pinakasalan nito pagkatapos ng ‘iddah, pagkatapos ay diniborsiyo na naman siya nito sa ikalawang pagkakataon at saka binalikan na naman siya nito sa sandali ng ‘iddah o pinakasalan na naman siya nito matapos ang ‘iddah, pagkatapos ay diniborsiyo muli siya nito sa ikatlong pagkakataon, siya ay hindi na ipinahihintulot na mapangasawa nito matapos ang ikatlong diborsiyo hanggang hindi siya nakakasal sa ibang lalaki nang kasal na legal sa Islam at saka kinatalik siya niyon, inayawan siya niyon at saka diniborsiyo siya niyon. Siya pagkatapos niyon ay maaari na namang makasal sa dating asawa niya. Ipinagbawal lamang ni Allah na mapangasawang muli ang isang babae ng lalaking tatlong ulit na nagdiborsiyo sa kanya bilang awa sa mga babae sa pang-aapi ng mga asawa nila.

Ang Khula‘

Ang *khula‘* ay ang paghiling ng isang babae na makipaghiwalay sa asawa niyang kinasusuklaman niya sa pamamagitan ng pagbigay rito ng kabayaran upang iwan siya nito. Subalit kung ang asawa naman ang nasusuklam at siya ang nagnanais na makipaghiwalay sa babae, wala siyang karapatan na tumanggap ng anumang bayad mula sa babae. Kailangang diborsiyuhin niya o pagtiisan na lamang niya ang maybahay niya. Hindi dapat humingi ng *khula‘* ang isang babae maliban na lamang kung siya ay nagdurusa sa piling ng asawa niya at hindi na

niya matiis na manatili pa sa piling nito. Hindi rin naman ipinahihintulot sa lalaki na sadyang pagdusahin ang maybahay niya upang humiling ito ng khula'. Kapag naganap ang khula', makabubuting hindi kukuha ang lalaki sa babae ng halagang higit pa sa ibinigay niya rito bilang mahr.

Ang Khiyár

Ang *khiyár* ay isang karapatan ng mag-asawa na panatilihin ang kasal nila o pawalang-bisa dahil sa paglitaw ng isa sa mga kadahilanan. Halimbawa ay kinakitaan ng asawa ang maybahay niya o kinakitaan ng maybahay ang asawa nito ng sakit o kapansanan sa katawan na hindi nilinaw sa lalaki o sa babae habang idinadaos ang kasal, kapag nagkaganito, ang walang sakit o ang walang kapansanan ay may karapatang magpasya kung pananatilihin ang kasal o pawawalang-bisa ito. Ilan pang halimbawa:

1. Kung ang isa sa kanila ay baliw o dinapuan ng sakit na siyang dahilan kung bakit hindi lubusang matamo ng isa sa kanila ang lubos na karapatan bilang asawa o maybahay. Ang hindi baliw o ang walang sakit ay ang may karapatang humiling na pawalang-bisa ang kasal. Kung ang pagpapawalang-bisa ay bago nakapagtalik, may karapatan ang lalaki na bawiin ang mahr na ibinigay niya. Kung ang pagpapawalang-bisa naman ay matapos nakapagtalik, wala nang anumang mababawi sa mahr. Ayon naman sa ibang Iskolar ng

Islam, babawiin ng lalaki ang katumbas na halaga ng mahr sa taong kapamilya ng babae na nanlinlang sa kanya gayong nalalaman nito ang kapintasan ng babae.

2. Ang kawalang-kakayahan ng lalaki na ibigay ang mahr sa takdang panahon. May karapatang humiling ang babae na ipawalang-bisa ang kasal kung bago nakapagtalik; ngunit pagkatapos na nakapagtalik ay wala na siyang karapatang hilingin iyon.⁹
3. Ang kawalang-kakayahang sumustento. Kung ang isang lalaki ay nawalan ng kakayahan na sumustento sa maybahay niya, maghihintay ang maybahay niya ng ilang panahon hanggang sa makakaya nito at pagkatapos niyon ay may karapatan na ito na humiling ng pagpapawalang-bisa ng kasal sa pamamagitan ng hukuman.
4. Kapag nawala ang asawa at hindi malaman ang kung nasaan siya, at hindi siya nag-iwan ng pangsustento sa maybahay niya, wala rin siyang pinagbiling sumustento sa maybahay niya habang wala siya, wala ring sinumang sumustento rito at wala rin itong maisustento sa sarili na masingil nito sa kanya (pagbalik niya), ang maybahay niya ay may karapatan na humiling na pawalang-bisa ang kasal sa pamamagitan ng hukom ng Shari'ah.

⁹ Ngunit maaari maaari siyang humiling ng khula' kung nais pa rin niyang makipaghiwalay sa asawa niya.

Ang Pag-aasawa ng Hindi Muslim

Ang lalaking Muslim ay pinhihintulutang lamang na mag-asawa ng Muslim o Kristiyano o Hudyo. Ang babaeng Muslim ay hindi pinahihintulutang mag-asawa ng hindi Muslim, maging ito man ay isang Kristiyano o Hudyo. Hindi rin ipinahihintulot sa isang babae, kapag yumakap na siya sa Islam bago yumakap ang asawa niya, na ipaubaya niya ang kanyang sarili rito bago ito yumakap sa Islam. Ang sumusunod ay ang ilan sa mga patakaran kaugnay sa kasal ng mga hindi Muslim:

1. Kapag sabay na yayakap sa Islam ang mag-asawang hindi Muslim, mananatili silang mag-asawa sa dati nilang kasal, hangga't walang mga hadlang ayon sa Shari'ah sa pananatili nila bilang mag-asawa gaya ng kung ang babae ay Mahram ng asawa niya o hindi ipinahihintulot sa lalaki na maging asawa niya. Kung may hadlang ay paghihiwalayin sila.
2. Kung yumakap sa Islam ang asawa ng isang babaeng Hudyo o Kristiyano, mananatili silang mag-asawa sa dati nilang kasal.
3. Kung yumakap sa Islam ang isa sa mag-asawang hindi Kristiyano o Hudyo **bago sila nagkaroon ng pagtatalik, kaagad** na mawawalan ng saysay ang kanilang kasal.
4. Kung yumakap sa Islam ang maybahay ng lalaking Kristiyano o Hudyo o maging anuman ang relihiyon nito **bago sila nagkaroon ng pagtatalik, kaagad** na

- mawawalan ng bisa ang kasal nila dahil ang babaeng Muslim na ay hindi pinahihintulutan na maging maybahay ng hindi Muslim o hindi pa Muslim.
5. Kung yumakap sa Islam ang maybahay ng isang lalaking hindi Muslim **matapos na nagkaroon sila ng pagtatalik**, magsasagawa ng ‘iddah ang babae at mapapagpasyahan ang kahihinatnan ng kasal nila pagkatapos ng ‘iddah: mawawalan ng bisa ang kasal nila pagkatapos ng ‘iddah kung hindi yumakap sa Islam ang lalaki at may karapatan ang babae na magpakasal sa sinumang lalaking Muslim na naisin niya. Kung minamahal ng babae ang lalaki ay maaari niyang hintayin ito na yumakap sa Islam, kahit pa maghintay siya ng mga taon, subalit wala siyang mga obligasyon dito bilang maybahay sa panahon ng paghihintay at wala rin itong awtoridad sa kanya. Kapag yumakap sa Islam ang lalaki, ang babae ay maybahay niya ayon sa Islam at hindi na kailangan pang ulitin ang kasal. Gayon din ang patakaran kung yumakap sa Islam ang asawa ng isang babaeng hindi Kristiyano ni Hudyo.
 6. Kung tatalikod sa Islam ang maybahay bago sila nakapagtalik, mawawalan ng saysay ang kasal nila at wala siyang karapatan sa mahr. Kung ang lalaki naman ang tatalikod sa Islam, mawawalan ng saysay ang kasal nila at kailangang ibigay niya ang kalahati ng nagpagkasunduang mahr. Kung ang isa sa kanila na siyang tumalikod sa Islam ay yumakap muli sa Islam,

mananatiling may bisa ang unang kasal nila kung hindi nagkaroon ng diborsiyo sa pagitan nila.

7. Kung yumakap sa Islam ang lalaki at ang babaeng magka-*live in*, kailangang magpakasal sila ng kasal ng Islam; kung ang lalaki lamang ang yumakap sa Islam, kailangan pa rin nilang magpagkasal kung ang babae ay Kristiyano o Hudyo, kung nais pa nilang magsama. Ngunit kung ang babae ay hindi Kristiyano o Hudyo at hindi rin yumakap sa Islam, hindi sila maaaring magpakasal. Ang mga naging anak nila bago pumasok sa Islam ay ituturing na mga lehitimong anak.

Mga Disbentaha ng Pag-aasawa ng Kristiyano o Hudyo

Si Allah, nang ipinahintulot Niya ang pag-aasawa, ay naglalayon na pabutihin ang kaasalan, na linisin ang lipunan sa mga bisyo, na pangalagaan ang moralidad, na magtatag ng isang dalisay na sistemang maka-Islam para sa lipunan, at na magpalitaw ng isang sambayanang Muslim na sumasaksi na walang totoong Diyos kundi Siya at si Muhammad ay Sugo Niya. Hindi maisasa-katuparan ang mga layuning ito kung hindi makapag-aasawa ng babaeng Muslim na matuwid, relihiyosa, marangal at nagtataglay ng mabuting kaasalan. Tungkol naman sa maaaring mga ibubunga at mga disbentaha ng pag-aasawa ng isang lalaking Muslim sa isang babaeng Kristiyano o Hudyo, ating bibigyang-buod ang mga ito sa mga sumusunod:

- 1. Sa loob ng pamilya.** Sa loob ng maliit na pamilya, kung ang asawa ay may malakas na personalidad, siya ay mayroong impluwensiya sa maybahay niya. Ang pinakamalamang na palagay ay mahihikayat ang maybahay sa Islam. Ngunit maaari ring mangyari ang kabaligtaran sapagkat maaaring ang maybahay ay manatili sa kanyang relihiyon at gagawin niya ang inaakala niyang ipinahihintulot ng relihiyon niya gaya ng pag-inom ng alak, pagkain ng baboy, at baka pati ang pakikipagkalaguyo. Sa pamamagitan nito ay malalansag at makakalas ang isang mag-anak Muslim at lalaki ang mga anak sa paraang salungat sa Islam. Maaaring masahol pa rito ang mangyari kapag sinadyang isama ng panatiko at nagmamatigas na maybahay ang mga anak niya sa simbahan at masasanay silang makakita ng mga pagsambang Kristiyano. Ang kinalakihan ay kinasasanayan.
- 2. Ang mga epekto sa lipunang Muslim.** Ang pagdami ng mga asawang Kristiyano o Hudyo sa loob ng lipunang Muslim ay isang mapanganib na bagay. Ang panganib nito sa loob ng lipunang Muslim ay sa sandali ng panghihina ng sambayanang Muslim na siyang nangyayari ngayon kaalinsabay ng pagtaas ng antas ng pamumuhay ng mga bansang Kristiyano. Ang mga babaeng ito sa ganitong kalagayan ay nagsisilbing mga sugo ng mapanganib na pananalakay pangkaisipan sa loob ng sambayanang Muslim, ng pagkalansag at pagkawatak-watak na ibinubunga nito

at ng isinasagawa nila na mga kaugaliang Kristiyano na ang pangunahin sa mga ito ay ang nakagawiang paghahalubilo ng mga kalalakihan at mga kababaihan kalakip ng halos kahubaran sa mga kasuutan at ilan pang ginagawang mga salungat sa mga katuruan ng Islam.

Bakit Kailangan ang Diborsiyo?

Ang Diborsiyo Bilang Solusyon

Ang diborsiyo sa Islam ay ginawa bilang panghuling solusyon upang wakasan ang mga alitan ng mag-asawa kapag naghari na ang mga di-pagkakasundo sa kanila, naging madalas na ang pag-aaway, nanlamig na sila sa isa't-isa at nawala na ang pag-asang magkakasundo pa sila kaya nawalan na ng halaga at kabuluhan ang relasyon nila bilang mag-asawa. Kapag nagkagayon, ang diborsiyo ay magsisilbing maginhawang lunas para sa kanila. Bagamat binigyan ng Islam ng pagkakataon ang bawat isa sa mag-asawa na maghiwalay, ito naman ang tagubilin ni Allah (4:34): **“magpadala kayo ng isang tagahatol mula sa kaanak ng lalaki at isang tagahatol mula sa kaanak ng babae. Kung magnanais silang dalawa ng isang pagkakasundo, pagtutugmain silang dalawa ni Allah.”**

Bago Mag-asawa at ang Pagpili ng Asawa

Ipinag-uutos ng Islam sa mga nag-iisip na mag-asawa na gawin nila ang abot ng makakaya nila na gawing maligaya ang buhay nila. Hinihimok silang pagbutihin ang pagpili ng mapapangasawa, na dapat ito ay isang

mabuting babae at mapagmahal. Sisikapin din ng isang nagnanais na mag-asawa na tingnan ang babae nang sa gayon ay hindi sila manibago sa isa't isa. Hinihimok din ang magulang o tumatayong magulang ng babae na pilian siya ng isang lalaking tapat sa Islam, magandang makitungo at may mabuting ugali. Ang sabi ng Sugo (SAS): ***“Kapag nagsadya sa inyo ang isang lalaki, na ikinasisiya ninyo ang pagtupad niya sa tungkulin niya sa Islam, [upang hingin ang kamay ng anak ninyo], ipakasal ninyo [ang anak ninyo] sa kanya. Kung hindi ninyo gagawin iyon, magkakaroon ng tukso sa lupa at malaking katiwalian.”***

Hinihimok ng Islam ang mag-asawa na maging matiisin sa isa't isa. Pinapaalaala ng Islam ang isang mahalagang bagay na ang pagkayamot sa maybahay ay hindi dapat ang maging dahilan upang hiwalayan ng isang lalaki ang maybahay niya. Sa halip dapat pang palawakin ng isang Muslim ang kanyang pang-unawa nang sa gayon ay makapagtayo sila ng isang tahanang pinaghaharian ng habag. Sinabi ng Sugo (SAS): ***“Hindi dapat kasuklaman ng isang mananampalataya ang sumasampalatayang maybahay sapagkat kung may kinayayamutan man siya sa ugali nito, masisiyahan naman siya sa iba [nitong ugali].”***

Ang Diborsiyo sa Kamay ng Lalaki

Inilagay ng Islam ang diborsiyo sa kamay ng lalaki. Ito ay tama at angkop lamang dahil tungkulin niyang gumastos para sa kanyang maybahay at tahanan. Siya ang nagbibigay ng *mahr* at mga gastusin sa kasal kaya dahil dito, siya ang papasan ng kapinsalaan, sa pera at usaping moral, kapag sinuong niya ang diborsiyo. Ang lalake ay karaniwang higit na may malawak na pananaw sa maaaring kahihinatnan at higit na mahinahon sa sandali ng galit at pagsiklab ng damdamin. Dahil dito, hindi niya pangangahasan ang diborsiyo maliban kung nawalan na siya ng pag-asang lumigaya sa piling ng maybahay niya at bagaman nalalaman niya ang idudulot na kapinsalaan ng diborsiyo at ang kinakailangang gastusin sa muli niyang pag-aasawa. Kung sakaling ilalagay ang diborsiyo sa kamay ng babae, guguhon ang buhay ng mag-asawa at mawawasak ang pamilya. Ito ay dahil ang babae ay may maselang damdamin, madaling mayamot, at madaling matangay ng galit kaya siya ay higit na mabilis na maghamon ng hiwalayan kaysa sa lalaki. Wala siyang gaanong sukat na ikababahala dahil wala namang pinsalang *financial* sa panig niya. Ang patakaran sa kasunduan sa pag-aasawa ay sasang-ayon ang lalaki at ang babae na sila ay maging mag-asawa at papayag ang babae na ang karapatan ng diborsiyo ay nasa lalaki alinsunod sa mga limitasyong itinakda ng Islam. Kaya kung gagawin man ng lalaki ang karapatan niyang

magdiborsiyo, isinasagawa niya lamang ang karapatang kaloob sa kanya ni Allah.

Maaaring abusuhin ng isang lalaking Muslim ang paggamit ng karapatan sa diborsiyo. Isasagawa niya ito upang magpakaligaya lamang sa isang bagong babae. Subalit walang gumagawa ng ganito kundi ang may masamang kalooban at may mahinang pananampalataya. Kaya hindi makatuwirang hilinging pawalang bisa ang isang mabuting sistema dahil lamang sa ilang abang kaluluwa na inaabuso ang paggamit nito.

Ang Karapatan ng Babae sa Diborsiyo

Ang bababe ay hindi na napasasailalim sa awa ng lalaki na nagmamay-ari ng karapatang magdiborsiyo dahil binuksan ng Islam ang mga pinto para mapasok niya ang maginhawang buhay. Para naman sa isang miserable at kapus-palad na babaeng may malupit at masamang asawa, binigyan siya ng karapatang humingi ng diborsiyo kapag naramdaman niyang mahirap nang magpatuloy ang buhay-mag-asawa nila at ikasisiya na niyang hiwalayan ang asawa niya nang may pagsang-ayon naman nito at pagsang-ayon niya. Kailangang lamang magbigay ang babae sa lalaki ng kabayaranang panumbas sa mga kapinsalaan sanhi ng diborsiyo. Ito ay sa pamamagitan ng *khula* (na nabanggit na natin). Binuksan din sa kanya ang daang upang hilingin sa hukuman na magbaba ng hatol na naghihiwalay sa kanya at sa asawa niya kapag

dumating na ang puntong hindi na niya matiis na mabuhay sa piling nito.

Kinasusuklaman sa Islam ang Diborsiyo

Kinasusuklaman ng Islam ang diborsiyo. Sabi nga ni Propeta Muhammad (SAS): *“Inilagay ni Satanas ang trono niya sa ibabaw ng tubig at pagkatapos ay isinusugo niya ang mga kampon niya. Gagawin niya na malapit sa kanya ang sinuman sa kanila na may malaking pinsalang nagawa. Kapag may dumating na isa sa mga kampon niya at magsasabi: ‘Ganito at ganoon ang nagawa ko,’ magsasabi si Satanas dito: ‘Wala kang nagawa.’ Kapag may dumating na isa pa sa mga kampon niya at magsasabi: ‘Hindi ko siya nilubayan hanggang hindi ko sila napaghiwalay ng maybahay niya,’ palalapitin ito ni Satanas at saka yayakapin at magsasabi: ‘Oo, ikaw nga.’”*

Ipinatupad ng Sugo (SAS) ang diborsiyo hindi upang mag-anyayang paglaruan ang mga limitasyong itinakda ni Allah. Sabi nga ng Sugo (SAS): *“Bakit kaya may mga taong pinaglalaruan ang mga hangganang itinakda ni Allah anupa’t ang sinasabi ng isa sa kanila [sa maybahay niya]: ‘Hiniwalayan na kita.’ Pagkatapos nito ay binalikan niya at saka muling hiniwalayan.”*

Ang Polygyny¹⁰

Ang Polygyny sa mga Sinaunang Kabihasan

Ang *polygyny* ay lumitaw na halos kasabay ng sangkatauhan. Umiiral na ito noon sa mga sinaunang batas at mga sinaunang lipunan ng tao. Ginagawa rin ito ng mga Hudyo at Kristiyano tulad ng mga Griego, Chino, taga-Babilonia, taga-Assyria, taga-India at pati na rin ang mga Arabe bago pa man isinilang ang huling Propeta ng Islam, si Muhammad (SAS). May dalawang katangian ang *polygyny* noong unang panahon: walang limitasyon ang bilang ng asawa at napasasailalim ang babae sa kawalang-katarungan. Inalis ng Islam ang kawalang-katarungang ginagawa noon sa babae at nilimitahan ang *polygyny* hanggang apat na maybahay.

Ang Takot Kay Allah

Ang takot kay Allah, ang pinakadakilang ugnayang maaaring maibatay at maituwid ang buhay, ay pinagbatayan ng Islam sa ugnayan ng tao kay Allah. Naikintal sa isipan ng isang tunay na Muslim na siya ay nakikita at binabantayan ni Allah sa bawat sandali, na ang mga gawa niya masama man o mabuti ay itinatala, at sa araw ng pagkabuhay ay gagantimpalaan siya ayon sa mga nagawa niya. Ang sistemang ito ng edukasyon ay ang kahanga-hangang sistemang nalaman ng sangkatauhan.

¹⁰ Ang Polygyny ay salitang Ingles na ang kahulugan ay ang pagkakaroon ng isang lalaki ng higit sa isang maybahay.

Ang isang babae sa tahanan niya, kapag nag-iisa at walang nagmamasid sa kanya, ay maaaring makagawa ng hindi mabuti kapag nakadama siya ng pangangai-langang seksuwal habang wala ang asawa niya. Ngunit ang pag-alaala lamang kay Allah ay sapat na upang siya ay manginig sa takot at mangamba.

Habang ginagampanan ng isang tunay na Muslim ang mga gawain niya, pinakikitunguhan ang mga taong nakapaligid sa kanya—kabilang na roon ang asawa o mga asawa niya—at pinangangasiwaan ang pamamahay niya, nadarama niyang si Allah ay nagmamasid sa kanya. Kaya siya ay natatakot kapag inudyukan siya ng sarili niya na lumihis o lumayo sa landas ng katuwiran at lumabas sa timbangan ng katarungan.

Ang Katarungan sa mga Asawa

Nang ipinahintulot ng Islam ang *polygyny*, gumawa naman ito ng mahigpit na kondisyon. Ang kondisyong ito ay tungkol sa usapin ng katarungan sa mga asawa. Pinaaalalahanan ng Islam ang isang Muslim na mag-isip-isip muna nang matagal bago maglakas-loob na pasukin ang *polygyny*. Ang sabi nga ni Allah sa banal na Qur'an (4:3): **“mag-asawa kayo ng mga babaeng nakalulugod para sa inyo: dalawahan o tatluhan o apatan. Subalit kung nangangamba kayo na hindi kayo magiging makatarungan ay iisa na lamang.”** Sa puntong ito ay susuriin ng isang Muslim ang kanyang isip, emosyon, damdamin at saka ang usaping *financial*. Tatanungin niya

ang sarili niya kung kaya ba niyang gampanan ang hinihiling na katarungan alinsunod sa mga pagsusuring iyon. Kung nadarama niyang may kahinaan ang kanyang sarili, nararapat na ang silakbo ng init ng katawan niya ay hindi manaig sa kahinahunan ng isipan dahil ang init ng katawan ay panandaliang kaligayahan lamang at ang kawalang-katarungan sa mga asawa ay kasalanang pananagutan sa Kabilang-buhay.

Ang usapin ng katarungan ay isang masalimuot at mahirap na isyu dahil maaaring manaig ang emosyon at ang isipan ay maging sunod-sunuran na lamang dito. Ang tao ay likas na mahina. Kaya sa puntong ito ay inilagay ng Islam ang makatotohanang limitasyon.

Bagaman inoobliga ang isang Muslim na maging makatarungan kapag mayroon siyang higit sa isang asawa at ito ay ginawang kondisyon sa *polygyny*, hindi naman siya pananagutin sa mga bagay na hindi niya kayang kontrolin tulad ng pagmamahal (sa isang asawa na higit na matimbang kaysa iba) o anumang kaugnay rito. Ngunit kaalinsabay nito, inoobliga siya na maging mulat upang hindi matisod ang kanyang paa.

Mga Bagay na Nagbubunsod sa Polygyny

May mga pangangailangan na nagbubunsod sa *polygyny*. Ang mga pangangailangang ito ay maaaring personal gaya ng isang lalaking may maybahay na baog o may-sakit o matigas ang ulo o mahabang magregla o ang isang babae ay hindi sapat upang punan ang

pangangailangang seksuwal niya. Ating maitatanong ano kaya ang mabuti sa maybahay na ito, ang siya ay manatili sa piling ng asawa niya at ito naman ay mag-asawa ng iba pa o hiwalayan na lamang siya?

Ang *polygyny* ay maaari ring para sa kapakanan ng isang bansa, tulad halimbawa ng labis na pagdami ng mga babae na sanhi ng mga digmaang kumikital sa maraming buhay ng mga lalake. Ang digmaang pandaigdigan ay nag-iwan sa Europa ng 25 milyong balo. Higit na mainam kayang magpakasakit ang mga babaeng ito at mapilitang maghanap ng ikabubuhay niya at magpakahirap habang namumuhay nang miserable, nagdurusa at aba o higit na mabuting maging ikalawa o ikatlong maybahay ng mga lalaking mangangalaga sa kanila?

Mayroon ding mga pangangailangan sa panig ng mga babae mismo na nagbubunsod sa *polygyny*. Mapupuna na tuloy-tuloy ang paghihigit ng bilang ng mga babae sa bilang ng mga lalake sa maraming lipunan. Kaya sa pamamagitan ng pagtutuos ay matatanto nating upang mapangalagaan natin ang karangalan at kalinisan ng babae ang *polygyny* ay kailangan.

Habang patuloy pa rin ang mga bansang kanluranin sa pagtuligsa sa *polygyny* at pagtuya sa hakbang na ito ay gawing legal, may mga estadista at mga *philosopher* doon na ipinagbubunyi ang *polygyny* at nanawagang ipatupad ito upang malunasan ang pighati na dumapo sa babae at ang kadustaang sumapit sa kanya. Nalathala sa pahayagang

Lagos Weekly Record mula sa panulat ng isang babaeng manunulat ang artikulong ito:

“Dumarami na ang mga babaeng ligaw sa mga kabataang babae natin at laganap na ang kalamidad na ito ngunit kaunti lamang ang mga tumutuklas sa mga kadahilanan nito. Bilang isang babae, nakikita ko ang aking sariling nakatingin sa mga kabataang babaeng iyon habang ang puso ko ay nadudurog sa lungkot at habag para sa kanila. At ano ang mahihita ng mga kabataang ito sa aking lungkot, pighati, panaghoy at hinagpis at kahit na makiramay man sa akin ang lahat ng tao? Wala ring mapapala liban na lamang kung kikilos upang pigilin ang karumaldumal na kalagayang ito.”

Ang Polygyny at ang mga Pantas

Kay galing ng isang pantas sapagkat nakita niya ang sakit at nagmungkahi ng lunas na siyang lubusang makapagpapagaling dito. Ang lunas, wika niya, ay “Pahintulutan ang lalaking mag-asawa ng higit sa isa. At sa pamamagitan nito ay maglalaho ang kalamidad at ang ating mga anak na babae ay magiging mga reyna ng tahanan.”

Ang sabi pa nga ng isang bantog na *philosopher* na Aleman na si Schopenhauer sa kanyang aklat, *Isang Kataga Tungkol sa Kababaihan*: “Ang babaeng mula sa mga bansang ipinahihintulot ang *polygyny* ay hindi nawawalan ng asawang kakalinga sa kanya samantalang ang

mga babaeng may asawa dito sa atin (Alemanya) ay kakaunti at ang walang asawa ay hindi mabilang. Makikita mo na wala silang tagakalinga. Mayroong mga babaeng mula sa mataas na antas ng lipunan na tumandang dalaga na tuliro at nagdurusa. At may mga mahinang nilalang mula sa mababang antas ng lipunan na nagdaranas ng mga hirap at nagtitiis ng mabibigat na mga gawain. At baka magbili pa sila ng aliw at mamuhay nang miserable, nakalubog sa kahihyan at kadustaan. Sa lunsod lamang ng London ay may walong libong mga kalapating mababa ang lipad. (Ito ay noong kapanahunan ni Schopenhauer (1788-1860) kaya paano na lamang ngayon!) Inialay ang karangalan nila sa altar ng sistemang nililitahan sa isa ang pag-aasawa at bunga na rin ng pagmamatigas ng babaeng taga-Europa at ang mga walang kabuluhang pinagsasabi nito.”

Ang Pagdami ng Babae

Nang nalipol ng digmaan ang mga kabataan ng Alemanya na pinamumunuan noon ni Hitler, dala ng masidhing pangangailangan ay napag-isipan ni Hitler na gumawa ng hakbang na magpupuno sa teribleng kakulangan ng mga kalalakihan na yumanig sa buhay ng bansa niya. Wala na siyang mapagpipilian kundi ang gumawa ng batas na magpapahintulot sa *polygyny*. Nalathala sa pahayagang al-Ahram¹¹ Disyembre 13,

¹¹ Isang bantog na pahayagan sa Egipto.

1960 na “May natuklasang dokumento na sulat-kamay ni Martin Burman na kanang kamay ni Hitler, na sinulat noong taong 1944. Sinabi niya: ‘Pinag-iisipang mabuti ni Hitler na pahintulutan ang lalakeng Aleman na legal makapgg-asawa ng dalawa upang magarantiyahan ang hinaharap ng lakas ng sambayanang Aleman.’”

Napuna ng ilang Kanluranin na ang pagiging marami ng mga babae at ang pananatili nilang walang asawa kasabay ng pakikihalubilo nila sa mga lalake sa mga pinagtatrabahuhan ay isang malaking panganib na lumitaw ang mga resulta sa immoralidad at pagkalansag ng mag-anak na lagananp sa mga bansang kanluranin. Ito ay nagsisilbing isang panganib na nagbabanta ng pagbagsak ng kabihasnang iyon. Pati na ang babaeng taga-Europa, matapos na magtiis sa pagkahampaslupa at pasanin ang hindi naaangkop sa kalikasan niya, ay nakatikim pa siya ng mga pighatiang nagbunsod upang maging isa pa sa mga nananawagan sa *polygyny*. May isinagawang demonstrasyong ang mga kababaihan sa Alemanya noong matapos ang ikalawang digmaang pandaigdigan noong 1945. Hinilang ng mga babae sa demonstrasyong ito na gumawa ng isang batas na magpapahintulot sa lalake na magkaroon ng maraming asawa nang sa gayon ay mapangalagaan ang babaeng Aleman sa prostitusyon.

Ang Polygyny at ang Babae

Ang lipunan sa ngayon ay puno ng mga babaeng walang asawa na lumampas na ang edad sa edad ng pag-aasawa. Ang marami sa kanila ay nagdurusa at binabalot ng kalungkutan habang tumatakbo ang oras at walang lumalapit sa kanila upang hingin ang kamay nila. Bagaman may mga babaeng inuulit-ulit ang sinasabi ng iba na diumano’y kasamaan ng *polygyny*, sa kaibuturan ng puso nila ay pinananabikan nila ang pag-aasawa dahil ito ay isang mahigpit at likas na pangangailangan. May maraming babae na nag-aasam na magkaroon ng asawa kahit pa sila ay maging ikalawa o ikatlo o ikaapat lamang upang matugunan ang likas na pangangailangan nila magkaroon ng anak at asawa. Natatakot silang mapag-iwanan ng panahon na hindi natutugunan ang gayong pangangailangan. Kung pag-iisipan lamang natin nang matagal ang bagay na ito, makikita natin ang peligrong maaaring ibunga ng pagdami ng babae at ng hindi nila pagkakaroon ng mga asawa. Ito ay isang panganib na walang nakaaalam kung gaano ito kalaki kundi si Allah lamang. Tunay na ang *polygyny* ang pinakamainam na paraan sa pagpawi ng nakatatakot na panganib na ito. Anong ganda ang sinabi ni Albahi Alkhuli sa kanyang aklat *Ang babae sa Tahanan at sa Lipunan*:

“Ang pagbaba ng bilang ng kalalakihan kung ihahambing sa bilang ng kababaihan ay magbubunga ng suliranin para sa mga babaeng walang asawa. Kaya kung ang bawat lalaki ay magkakasya lamang sa isang

babae, ano ang gagawin sa mga natitirang babae? Maaari silang maghanapbuhay kung hindi sila kayang suportahan ng lipunan. Subalit sa panig ng mga babae ang krisis ay hindi ang krisis lamang sa pagkain at inumin kundi krisis na sanhi ng uhaw na dulot ng pangangailangang seksuwal na kailanman ay hindi maaaring ipagpawalang-bahala o tiisin!”

Ang mga Nagnanais Ipagbawal ang Polygyny

Ang mga lalaki at mga babae sa atin na nananawagan sa pagbabawal ng *polygyny* ay nalalaman nang maigi ang kalagayan na ito. Nalalaman nilang tinangka na ng Europa na lutasin ito sa pamamagitan ng pagwawalang-bahala sa pangangalunya at pagbibigay-luwag sa isang nagnanais mangalunya. Tinangka nilang lutasin ito sa pamamagitan ng pagkilala sa mga napulot na itinapong mga batang anak sa labas na siyang pumupuno sa mga ospital at mga bahay-ampunan. Nalalaman nila ang lahat ng ito ngunit patuloy pa rin sila sa panawagan nila na ipagbawal ang *polygyny*. Wari bagang *ang legal na pag-aasawa para sa kanila ay higit na mahalay kaysa sa pangangalunya at wari bagang ang lihitimong anak para sa kanila ay mababa ang karangalan kaysa sa batang napulot lamang sa lansangan. Sa puntong ito ay lumilinaw na para sa atin ang tunay na kulay ng kahihinatnang ibig nila para sa atin sa pamamagitan ng mga nakalalasong mga propagandang iyon.*